

# Introduksiyon

Sa mundo ng akademya, napakalaki ng papel ng mga akda o artikulong nasa kategorya ng araling Filipino. Masasalamang sa uri ng ganitong aralin ang lalim ng kaalamang mapagdudukalan ng karunungan pakikinabangan ng bayan para sa higit na tama at angkop na pag-iisip, tamang giya ng pagpapasiya, at tamang kaalamang dapat palaganapin at ituro sa mamamayan.

Makapagtataglay ang anuman ng mga kahulugan matapos itong bigyan ng kahulugan ng tao. Ang pagsasaysay sa mga kahulugan ay iba pang usapin. May mga artikulong mababasa sa mga journal na punong-puno ng kaalaman, may iskolarli at siyentipiko ang pagkakabuo, at punong-puno ng mga kahulugan ngunit mapag-iisipang muli ang tunguhin ng saysay nito.

Hindi sapat na mahalaga lamang ang anumang ipinahahayag o sinasabi ng artikulo sa mga journal kundi maging mitsa sana ito tungo sa pagbuo ng kaalamang hindi nahihirati lamang sa mga kahulugang wala namang saysay.

Ang sumusunod na mga akda ay lumikha ng kahulugan, sumuri, naghimay, nagdalumat, at nagsaysay sa usapin ng wika, edukasyon, pelikula, awit, at diskursong pang-espasyo. Sa mga akdang ito masasalamang ang talas ng isip ng mga iskolar na Filipino kritikal na nagsaysay ng iba't ibang larang upang mas maging mayabong ang diskursong Filipino.

Kritikal na inilahad sa artikulo ni Rolando B. Tolentino na pinamagatang “Pedagogiya ng Panitikan at mga Bagong Anyo ng Midya” ang makabagong pag-unawa ng mga midya sa hanay ng kaguruan. Itinanghal ng sanaysay ang produktibong paggamit sa anyong pangmidya para sa pagtuturo ng panitikan at kung paano nito binibigyan ng bagong depinisyong ng konsepto ng panitikan. Inilahad ng artikulo na sa pamamagitan ng tekstong pangmidya ay may bagong anyo ng panitikan na mas malapit sa puso at interes ng mga estudyante. Nililinaw dito ang makabuluhang pag-ugnay ng mga araling pampanitikan sa tunay na buhay ng nag-aaral nito. Sinagot ng artikulo kung paano isinisiwalat ng midya at panitikan ang ugnayan nila sa lipunan at kasaysayan. Itinatangi sa pagtalakay ni Tolentino ang ilang kahinaan ng sinaunang teknolohiya ng nakaimprentang panitikan kung ikompara sa liberal na proseso ng pagiging bahagi ng tekstong midya. Tinalakay sa konseptong ito ang halaga ng katangian ng tekstong midya na maging personalisado. Dito marahil nagmumula ang pagkahumaling ng kabataan sa ganitong uri ng teksto, tekstong

madali nilang maunawaan at dumikit sa kanilang masalimuot na karanasan sa pag-iral. Ang datíng ng personalisasyon ng ganitong tekstong pampanitikan ay inilalahad ni Tolentino na dapat maging bahagi ng pag-aaral ng makabuluhang panitikan. Sa puntong ito, masasabing ang pag-aaral ng panitikan ay hindi rin naman maihihiwalay sa pagsusuri at pagsali ng sarili sa pinag-aaralan. Itong pedagohiyang pampanitikan ang nagbibigay ng pormasyon ng sarili at komunidad dahil sa pagbibigay ngalan nito sa mundo. Nilinaw ni Tolentino na ang katangian ng tekstong midya ay reapiromasyon ng modernong indibidwalidad na ukol sa uri ng pagkatao at pagkamamamayang umaakma sa kasalukuyang panahon at lipunan. Mahalaga ang ganitong pagtingin ni Tolentino sa pag-aaral ng panitikan at mga bagong anyong pangmidya na maaaring magsalikop bilang isang malikhain at makabuluhang pedagohiya.

Sa artikulo naman ni Evangeline M. Dare na *Kagamitang Pangkomedor at Pangkusina Bilang Kulturang Materyal at Sisidlan ng Kaalamang Lokal*, inilahad ang iba't ibang uri ng kasangkapan at klasipikasyon nito. Ayon sa batayang gamit ng mga kasangkapan, apat na kategorya ang inihain ng artikulo na mapaghahanguan ng mga pag-aaral sa kulturang material. Kabilang sa unang kategorya ang mga kasangkapan para sa paghahanda ng pagkain. Sa ikalawang kategorya naman nabibilang ang mga kasangkapan para sa pagluluto. Sa ikatlong kategorya naman ang para sa paghahain at pangkain at sa ikaapat na kategorya nabibilang ang mga kasangkapan para sa pag-iimbak at pagsisinop. Inilahad din sa artikulo ang silbi ng bawat kasangkapan sa paglalahad ng ispesipikong gamit nito. Nilalayan ni Dare na maipakita ang pananaw at lapit ng iba't ibang disiplina sa loob ng malaking sakop ng kaalaman sa agham panlipunan na may kinalaman sa kulturang materyal. Ginamit sa artikulo ang *material culture studies* bilang lapit o pananaw. Hinati ni Dare sa dalawang bahagi ang pagtalakay dito. Sa unang pagtalakay inilahad ang usapin ng mga kagamitang pangkomedor at pangkusina mula sa punto de bista ng mga pag-aaral sa kulturang materyal na nagbigay ng diin sa imbensiyong teknolohiko, *commodity* o kalakal, bagay na may talambuhay, at pamanang lahi o pandisplay sa museo. Sa ikalawang bahagi ng talakay inilahad ang pagsusuri sa papel na ginagampanan ng mga kagamitang pangkomedor at pangkusina sa pasalitang tradisyon ng kulturang Filipino. Binigyan ng pansin sa artikulo ang mga pasalitang tradisyon o oral na tradisyon na nakatuon sa mga salawikain, kawikaan, at kasabihan. Malinaw na naipahayag ng artikulo ni Dare ang malalim na pag-uugnayan ng pag-iisip ng Filipino sa pamamagitan ng paghuhugpungan ng mga oral na tradisyong nakabatay sa mga kasangkapang Filipino. Nailahad ang simbolismo ng mga gamit pangkusina at pangkomedor sa estado ng buhay ng mga Filipinong gumagamit o nagmamay-ari ng mga ito sa pamamagitan ng paglalarawan ng mga nakatagong kuwento sa likod ng mga gamit o kasangkapan. Naipakita sa artikulo ang mga kongkretong halimbawa ng paggamit sa mga kagamitang pangkusina at pangkomedor bilang sisidlan ng kaalamang lokal. Ang mga kaalamang lokal na ito ay sinalamin sa pag-iiba ng salawikain sa kawikaan at kasabihan. Sinuri ni Dare ang kahulugan at karunungan ng nakapaloob sa metapora ng mga kagamitang pangkomedor at pangkusina. Sinalamin sa pinggan at paminggalan ang karakter o reputasyon ng isang tao sa usapin ng pagiging maingat sa pagkilos at pagpapasiya. May metapora

din sa palayok at suklob na inihahalintulad sa mga hamon ng buhay o angkop na solusyon sa mga suliranin. Sinasalamain din ng palayok at saklob ang kalakasan at tibay ng loob ng isang tao. Maging ang kahoy at kalan ay tumutukoy sa importansiya ng katiyakan at pagtupad sa gawain sa kabila ng kakulangan ng kapangyarihang makamit ito. Sinuri din ang metapora ng batidor at mulinilyo ang konsepto ng Filipino sa kahalagahan ng pagiging kompleto. Maging ang gusi, tapayan, saro, kawali, hurno, kutsara, palayok, bao, porselana, at iba pa ay sumasalamain sa iba't ibang sitwasyon sa buhay, kapayapaan ng isip, pagtitiis, pag-iwas sa kapahamakan, at paglilihim. Sa huling bahagi ng artikulo ay mababasa at maaaring masuri ang mga batayan at tiyak na gamit ng mga kasangkapang pangkomedor at pangkusina. Sa paggamit ng material culture studies, mayaman at malalim na nasusuri sa akademya ang mga pang-araw-araw na gamit sa loob ng kusina na hindi lamang simpleng panluto ang gamit at saysay nito sa lipunang Filipino kundi sumasalamain ito at nagagamit sa mga metaporang nagbibigay hubog sa anyo at paraan ng pag-iisip sa halagahang Filipino.

Teknikal na sinuri naman ni Resty Cena sa kaniyang artikulong “Magbaybay ay Di Biro” ang halaga ng isang matatag na ortograpiya. Bagaman may ilang mga salungat sa alituntunin sa *Gabay sa Ispeling* ng Sentro ng Wikang Filipino, ang mga mungkahi ni Cena sa artikulong ito hinggil sa ortograpiya, kinakitahan pa rin ito ng halagang mabasa ng mga eksperto at mga tagapagtaguyod sa pagpapayaman ng wikang pambansa upang makapagbigay ng perspektibang maaaring maging punto ng ibang kaisipan sa pag-aaral ng ortograpiya. Sinuri niya ang kalinawan ng ortograpiya ng Tagalog at ang paglabo ng ortograpiya ng Filipino dahil sa pagdaragdag ng mga letrang banyaga. Malinaw na inilahad sa artikulo ang sistema ng *phonetic orthography* na ang mga tunog na nilalapatan ng titik ay ang mga *phone* o di makabuluhang tunog na taliwas naman sa sistema ng phonemic orthography na ang mga tunog na lalapatan ng titik ay ang makabuluhang tunog lamang. Nilinaw din sa artikulo ni Cena ang sistema ng *morphemic orthography* o tinatawag na *morpheme-based orthography* na tumutukoy sa isang morpema, isang anyo, at isang anyo, isang kahulugan tulad halimbawa ng tambalang salita na “taong-bahay” sa halip na “taumbahay.” Ipinaliliwanag niya na isa lamang ang baybay ng isang morpema sa lahat ng kaligiran at hindi na itinatala ang mga morpoponemikong pagbabago tulad ng asimilasyon, *deletion*, *metathesis*, *concatenation*, *reduplication*, at iba pa. Kasama rin sa artikulo ang pagsusuri niya sa tuldikan na binigyan niya ng halaga upang mas maipakita sa mata ng mambabasa ang halaga ng isang malinaw na tuntunin sa ortograpiya. Sa kaniyang pagtalakay sa ortograpiya ng Filipino, pinangatwiran niya ang mababaw na dahilan ng panghihiram ng mga bagong letra sa alpabetong Filipino tungo sa intelektuwalisasyon nito. Nilinaw din sa kaniyang argumento na ang intelektuwalisasyon ng wika ay hindi lamang nasusukat sa paggamit ng mga bagong letra o pagdaragdag ng mga ito sa pagsulat. Ipinagpalagay niya na hindi ang pagpapayaman ng ortograpiya ang dapat tutukan sa intelektuwalisasyon ng wika sa halip ay ang pagpapayaman ng mga konsepto sa maraming larangan ng pag-iisip at pagpapalawak ng bokabularyo ng mga nagsasalita. Tinutukoy dito ang tinatawag sa pagpaplanong pangwika na semantikal at leksikal na elaborasyon o pagpapaunlad. Sa huling bahagi ng artikulo inilahad ang mga panuntunan sa ortograpiya na

kaniyang ipinapanukala at tinapatan ng *variant* na nagsisilbing kahalili ng panukala at ilang mga panukalang pag-aaral na dapat ay nakaugat.

“Pagsulat sa Filipino: Kaso ng mga Mag-aaral na May Kapansanan sa Pandinig” ang artikulo ni Jane K. Lartec. Siniyasat niya sa kaniyang pag-aaral ang pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral na may kapansanan sa pandinig at sinuri sa pamamagitan ng kanilang journal ang kahirapan ng mga mag-aaral na may kapansanan sa iba’t ibang aspekto o kategorya ng wika tulad ng gramatika, estrukturang pangungusap, at mekaniks. Naging varyabol din sa pag-aaral ang kanilang kasarian at eskwelahan sa hay-iskul na pinanggalingan. Inilahad din ni Lartec ang mga suliraning kanilang kinakaharap sa pagkatuto ng wikang Filipino na may kinalaman sa mga salik na personal, kaibigan, kamag-aral, pamilya, at guro. Naipakita ng datos ni Lartec ang labis na kahirapang dinadanas ng mga mag-aaral na may kapansanan sa pandinig sa mga nabanggit na aspekto ng pag-aaral ng wika. Marahil nakaugat ang mga kahirapang ito sa kakulangan nila ng kaalaman sa wikang Filipino at kakulangan sa kaalaman sa kalikasan ng pasenyas na wika. Ginamit ni Lartec ang metodo ng paglalarawan gamit ang journal bilang isa sa mga paksa ng masining na pagpapahayag. Pagdulog na kantitatibo at kalitatibo naman ang ginamit para sa iba’t ibang aspekto ng pag-aaral at paghanap ng kanilang kahirapan sa pag-aaral ng wika bilang mga batang may kapansanan sa pandinig. Malinaw na nailahad sa artikulo ang kategorya ng gramatikang nakapokus sa mga bahagi ng pananalita, ang pangnilalaman at pangkayarian, ang estruktura ng pangungusap na nakapokus naman sa pagbuo ng pangungusap at paggamit ng wastong salita at ang mekaniks na nakapokus naman sa iba pang mga element o sangkap na kailangan upang mabuo ang pangungusap. Ipinakita ng estadistika ang antas ng kanilang kahirapan sa pang-uri, pandiwa, pangngalan, angkop na gamit ng salita at pagbuo ng isang makinis at maayos na pangungusap na hindi kulang- kulang ang sintaks. Maging ang maling pagbaybay ng mga salita ay nakita rin sa kakulangan ng kanilang kaalaman sa maraming bokabularyo ng wika na nagreresulta din ng kalituhan nila sa tuntunin sa pagbigkas sa Filipino. Sa paglalahad ni Lartec ng herarkiya ng kahirapan ng mga mag-aaral na may kapansanan sa pandinig, lumitaw na sa grammar sila pinakanahirapan. Malaking tulong sa pag-unawa ng masalimuot na kahirapan sa pagkatuto ng wika ang binuong diyagrama ni Lartec upang mas madalumat at maisakonsepto ang isang napakahalagang solusyon sa ganitong espesyal na pangangailangan ng mga mag-aaral na may kapansanan sa pandinig sa usapin ng isang epektibong *language teaching techniques*. Isang hamon ito sa pagpapalago ng kaalaman sa lawak ng mga pamamaraan sa pagtuturo ng wika. Ang mga estratehiyang nagagamit sa pagtuturo ng wika ay may relatibong kaangkupan depende sa katayuan ng mag-aaral ng wika. Ang pagiging epektibo ng anumang estratehiya sa pagtuturo ng wika ay relatibo. Mula sa inilatag na suliranin ng artikulong ito na hango sa mga datos ng mga mag-aaral na may kapansanan sa pandinig, malaki ang papel ng Philippine Association for Language Teaching (PALT) upang matugunan ang mga espesyalisadong dulong, estratehiya, at teknik para maging tiyak na solusyon ang mga ito sa suliranin sa pagkatuto at pag-aaral ng wika ng mga may espesyal na pangangailangan.

Mahalagang maunawaan din ang papel ng wika sa pagtuturo ng pangmadlang komunikasyon. Sinuri ni Kenneth Jamandre sa kaniyang artikulong “Ang Pilosopiya, Pag-usbong, at Problema sa Pagtuturo ng Kursong Communication 3 (sa Filipino) sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman” ang paggamit ng wikang Filipino sa Pangmadlang komunikasyon. Hindi lamang tinitingnan dito ang wikang Filipino bilang gamit sa pagtuturo kundi pati na rin ang kasanayan sa wikang Filipino sa komunikasyong pasalita. Isinakonteksto ni Jamandre ang kaniyang artikulo sa kahalagahan ng komunikasyong pasalita sa Filipino sa gitna ng globalisasyon, na hindi lamang wikang panturo kundi isang kasanayang pangkomunikasyon na sumasalamín sa ideolohiya ng nagsasalita. Siniyasat ng artikulo ang mahigit na tatlong dekada ng pagtuturo nito sa UP Diliman. Tinása ni Jamandre ang kasalukuyang implementasyon sa pagpapaturo ng kurso tungo sa pagtataguyod ng mga pag-aaral sa wikang Filipino. Malinaw din niyang iniangkla ang diskusyon sa patakarang pangwika ng unibersidad na nagdidikta sa mahusay na paggamit ng wikang Filipino sa mga kursong di-gradwado. Layon ni Jamandre na lagpasan ang pagtingin sa wikang Filipino bilang midyum lamang ng pagtuturo. Marahil ang ganitong antas ng talakay ay nagmumula din sa malinaw na layunin ng RGEF na mapalawak ang intelektuwal at kultural na *horizon* ng mga estudyante at makapagpakita ng komitment sa usapin ng nasyonalismong balanse sa internasyonalismo. Hinuhugot sa pagbabalanseng ito ang halaga at saysay ng wikang Filipino kaalinsabay ang paggamit ng wikang Ingles bilang pangunahing midyum sa pagtuturo sa maraming kurso sa UP. Sa Patakarang Bilingguwal ng unibersidad hinggil sa wikang panturo, malinaw ang pagbibigay halaga sa wikang Filipino bilang pangunahing midyum din ng mga kursong pangkasanayan tulad ng komunikasyong pasalita. Sa puntong ito naipakikita ng artikulo ang masusing pagtatása sa pagtuturo nito sa wikang Filipino na may kinalaman sa saloobin at estratehiya sa pagtuturo ng guro, kakulangan at kahalagahan ng mga kagamitang panturo, paraan ng pag-aaral at saloobin ng mga estudyante, at higit sa lahat ang estratehikong pagsuporta ng mga administrador sa pagpapatupad ng programa. Dito inilahad ni Jamandre ang halaga ng kurso na dapat makapagpakita sa mga estudyante na may personal, pang-edukasyon, intelektuwal, at praktikal na maidudulot ang kursong ito sa kanilang pag-aaral at kinabukasan at malinaw namang naipakita sa sarbey sa mga estudyante ang kanilang paborableng saloobin at pagtingin sa kursong ito. Makabuluhan at malinaw ang pinagbabatayan ng rekomendasyon ni Jamandre sa lalong pagpapaigting ng kursong ito. Napapanahon ang rekomendasyong pandamdamin na maging mapagmahal sa wika ng bayan, pagbubukas ng maraming seksiyon sa Filipino, manguna ang administrador sa pagsuporta sa patakarang pangwika ng UP. Panahon na rin upang lagyan ng sariling pangalan ang Communication 3 (sa Filipino) tungo sa isang tiyak na pangalang kakatawan sa isinasaad at itinuturo ng kurso dahil malinaw na hindi pagsasalin lamang ang Communication 3 (sa Filipino) ng Communication 3 (sa Ingles).

Hindi lamang ginagamit ang mga awit bilang pang-aliw dahil nagagamit din ito upang magrepresenta, bumuo, at magwasak sa pagkatao ng isang indibidwal. Ito ang pinapaksa ng artikulong “Midya, Eleksiyon, at ang Politikal na Reimahinasyon:

Ang Muling Pag-aakda sa Campaign Jingle na “Naging Mahirap” ni Michael Francis C. Andrada. Sinuri sa artikulong ito ang mga salita, linya, saknong, at ang mga kahulugang literal at kontekstuwal ng nabanggit na campaign jingle ni Manny Villar na kumandidato sa pagkapangulo noong 2010. Malaman ang pag-aakdang ito sa paggamit ni Andrada ng *discourse analysis* upang himayin ang konseptong reimahinasyon. Inilahad niya ang iba’t ibang pamamaraan ng muling pagkatha ng mamamayan sa political jingle na “Naging Mahirap” at sinuri ang mga ideolohiya at politikal na imahinasyon ng orihinal at binagong mga tekstong nabuo sa muling pagkatha ng awit. Pinalitaw sa parodiya ang magkakaibang mukha ni Villar na tinutukoy ng awit. Sa pamamaraang ito, naipakikita ng isang awit ang iba’t ibang anggulo ng isang indibidwal na gumamit ng liriko at melodiya ng awit bilang kinatawan ng kaniyang pagkatao. Sinuri ni Andrada kung paano nagiging politikal na kapital ang isang awit na maaaring magpanalo o magpatalo sa isang kandidato sa eleksiyon. Mauugat itong kalakaran sa eleksiyon ng bansa sa kultura ng Filipino na mahilig sa pag-aaliw o *entertainment* bilang bahagi ng *circus* o palabas sa loob ng politika ng eleksiyon dahil malinaw na naipakikita ng isang awit bilang anyo ng pagtatanghal sa masa ang mensaheng makawawasak o makapagbubuo sa maganda o pangit na imahen ng kumakandidato. Mula sa orihinal na magandang liriko ni Merlee Jayme ang awit na “Naging Mahirap,” ito’y naging “Villar Pahirap” hanggang maging “Naging Pahirap” na isinulat naman ni Ice de Ocampo. Malinaw sa orihinal na liriko ang ideolohikong koneksiyon ni Villar sa mamamayan. Idinikit ng magagandang salita at mga papuring pang-uri ang imahen ni Villar sa dapat asahan ng mamamayan sa isang pinuno ng bansa. Sa paggamit ng pamamaraang *infomercials* naitatampok ang plataporma sa politika ng pangangampanya ng mga kandidato at sa pamamaraang ito, awit ang nagbibigay ng kulay sa pagtatanghal. Ito ang tinatawag ni Andrada na jingle na panghalalan na maaaring maging gabay sa pagboto. Kung totoo man ang sinasabi o hindi ng isang jingle ay ibang pang usapin depende sa talas at lalim ng pagsusuri ng isang botante. Tinalakay ito ni Andrada bilang misrekognisyon sa kabila ng rekognisyon. Ang pagkatha ng dalawang huling awit na parodiya ng orihinal ay nagpakita ng kabaligtaran ng mensahe ng orihinal. Ang pag-aaral sa ganitong parodiya ay nakapagsusuri sa rekonstruksiyong parodikal. Kung susuriin, malalim at malayo na ang “Naging Mahirap” sa “Villar Pahirap” hanggang sa maging “Naging Pahirap.” Ubod ng negatibo ang imahen sa nasyon sa pamamagitan ng reimahinasyon. Sa reimahinasyong ito naipakita ang maaaring dalawang mukha ng isang kandidatong kinikilala mula sa nakatagong tunay na pagkilala. Makapangyarihan ang paggamit ng elementong pandula tulad ng awit upang mas malinaw na mailahad at mailatag sa nasyon ang imahen at reimahen sa pamamagitan ng reimahinasyon.

Sa artikulo namang sinulat ni Patrick F. Campos na “Ang Pelikulang Rural sa Sineng Indie noong 2005-2008” inilahad ang pagbuo ng larawan sa mga espasyong urban at rural sa Ginintuang Panahon ng pelikulang Filipino. Sinuri ni Campos ang ilang sineng Indie mula 2005 hanggang 2008 sa usapin ng pananaw ng mga tagaprobinsiya tungkol sa mga paisaheng rural na kanilang ginagalawan. Sinuri din niya at tináya ang pagkukuwadrado sa makabagong estilo ng pagsasapelikula ang

halaga at gamit ng tanawing rural sa pagtukoy sa kalagayan ng bayan at sa mga realidad sa labas ng pelikula. Sa pamamagitan ng paglilinaw ni Campos sa biswal na materyal, inilahad niya ang tatlong espasyong nararapat pang sipatin na nagbibigay kahulugan sa isang imahen. Tinitingnan niya ang espasyo mismo na bumubuo ng imahen, ang espasyo sa loob ng imahen, at ang espasyo kung saan ang imahen ay maaaring matunghayan. Sa bawat tinukoy na espasyong ito ay makikita rin ang teknolohiko, komposisyonal, at sosyal na aspekto. Malinaw ang tindig ng artikulo hinggil sa iba't ibang layunin sa pagkuha ng imahen ng anumang espasyo kung kaya't sa layuning ito nakasalalay ang obhetibong pagsipat ng lente ng kamera sa pelikula. Mahalaga ang paghahambing sa paggamit ng espasyo ng isang *indie film* at ng *mainstream film*. Sinuri ni Campos na mas tila makatotohanan at naiaangat ang tunay na imahen ng espasyo sa indie film. Sa mga indie film na sinuri niya, makikita ang pag-ikot ng kuwento sa kahulugan at pagpapahalaga at konsepto ng lungsod o probinsiya. Inilahad din ang panawagan ng pelikula bilang pagbabalik-loob o pagbabalik lalawigan, pagtatatwa ng mga materyal na bagay na may panlabas na halaga lamang. Sumasalamatin din sa mismong pagpapakahulugan sa terminong “indie” vs “mainstream” ang magkaibang pagpapahalaga at paggamit ng espasyo. Sa mainstream, ang rural na espasyo ay *background* lamang at hindi nagiging paksa ang paisaheng rural. Sa ganitong sipat, maaaring tingnan ang paisaheng rural bilang espasyong nasa looban o laylayan lamang ng bayan. Sa pagbabagong anyo ng pelikula sa pamamagitan ng indie film, ang paglawak sa mas malalim o mas makatotohanang paggamit sa espasyo ay malinaw na naipakikita sa mga pelikulang sinuri. Hindi simpleng *location* lamang ang halaga ng espasyo kundi humihigit pa rito ang nais iparating ng artikulo. Ang pagtingin sa rural na espasyo kontra sa urban bilang tanawin lamang sa kuwento ng pelikula ay isang limitadong pagtanaw. Ang pagiging looban ng rural na espasyo ay nagiging salamin ng kalooban at niloloob ng Filipino. Dahil dito, sa kulturang Filipino, ang tunay at mas malalim na damdamin ay hindi makikita sa panlabas na pagsipat lamang sa espasyo bilang tanawin dahil ang nasa likod o nakatagong niloloob ng espasyo ay lulutang lamang kung lalagpasan nito ang panlabas na tanaw.

Sa pagsulat naman ni Jose Edgardo A. Gomez Jr. ng artikulong “Katipunan ng mga Lungsod: Ang Anyo at Gawi ng Metropolis sa Daigdig ng Filipino” inilahad ang kasalimuutan ng proseso ng metropolitanisasyon na nagiging solusyon sa mga suliraning urban na hindi na malutas ng isang lungsod lamang. Inilarawan ng papel ang karanasan ng pagbuo ng mga metropolis sa iba't ibang rehiyon upang malaman ang mga aspekto ng ganitong uri ng espasyong urban sa Filipinas. Tinalakay ni Gomez ang konsepto ng metropolis dahil sa malabo o kawalan ng legal na depinisyon nito sa saligang batas o sa mga batas-lokal. Ipinakita sa mga kaugnay na pag-aaral hinggil sa paksa ang paraan ng pagbuo ng metropolis sa pamamagitan ng proseso ng pagpapalawak sa sistema ng produksiyon na maaaring makalikha ng mga bagong organisasyon, pagsasaayos ng teritoryo at pag-uugnayang panloob at panlabas nito. May nagaganap ding pagsasanib ng ilang mga bayan o kaya naman dahil sa pag-uutos ng batas ay maaaring makabuo ng metropolis. Inilahad ni Gomez ang mga uri ng pamahalaang-metropolitan at ang kaibahan ng urbanisasyon sa Timog-Silangang Asya. Sakop din ng papel ang pagtalakay sa malawakang padron

at gawi ng metropolitanisasyon na pinagmumulan ng malinaw na paghahalintulad ng karanansa ng Metro Manila sa iba't ibang rehiyon. Tinalakay din ang paglaganap ng mga bagong metropolis noong dekada 90. Hinati niya sa dalawang grupo ang pook-metropolitan. Isa rito ang nagmula sa proseso ng pagpaplanong nasyonal o rehiyonal at iyong mga nabuhay dahil sa kusang pakikipag-ugnayan ng mga pamahalaang lokal. Ikatlong uri lamang ang naganap na metropolisasyon sa Iloilo at Naga. Ikaapat na uri naman ang naganap sa Davao at ikalimang uri naman ang Metro Cagayan de Oro. Malinaw na inilatag ni Gomez sa kaniyang talahanayan ang tipolohiya ng mga Metropolis at mala-Metropolis sa Filipinas ayon sa estado ng pagiging lehitimo nito. Ang pag-aaral na ito ay malinaw na sumasailalim sa pagtingin sa metropolis bilang isang pisikal na manipestasyon ng prosesong politikal. Sa pagsipat sa magkakaibang mga karanasan ng metropolitanisasyon sa bansa, masasabing maaaring may mga elementong naglalarawan ng katutubong karanasan sa pagbuo at pamamahala sa kalunsuran. Malaki ang papel ng mga namamahala at ang kultural na pag-iisip ng mga namamahala sa pagbuo ng metropolis. Ang pagkakaroon ng dinamiko at dibersidad na kultura at karanasan ay salik na naipakita ng pag-aaral na nakaaapekto sa pamamaraan o pagdedesisyon hinggil sa implementasyon ng plano o pagpaplanong mismo para sa kaayusan ng mga lungsod sa bansa. Mahalaga ang pagbibigay ng pansin sa ganitong mga pag-aaral upang makatulong sa mas masinop na pagpaplanong pamahalaan sa usapin ng pangangailangan ng lumalagong populasyon ng bayan tungo sa pagbuo ng maayos na patakarang panlipunan.

Ang walong artikulong ito na tumalakay sa wika, edukasyon, pelikula, awit, at diskursong pang-espasyo ay salamin muli ng pagpapatatag ng Sentro ng Wikang Filipino sa mandato nitong payabungin at pagyamanin ang wikang Filipino sa pamamagitan ng mga akdang hindi lamang nakasulat sa wikang ito kundi tumatalakay din ng mga paksang lalong nagpapatingkad sa yaman, galing, at talas ng iskolar na Filipino.

**Jovy M. Peregrino**  
**Romulo P. Baquiran, Jr.**  
**Roberto T. Añonuevo**